

American Cancer Society
Every cancer. Every life.®

# Screening para sa Cancer sa Baga: Tama Ba Ito Para Sa Iyo?

Tinitingnan sa mga screening na pagsusuri kung may cancer ang mga taong walang anumang mga palatandaan o sintomas. Maaaring makatulong ang mga pagsusuring ito na matuklasan ang cancer nang maaga, kapag malamang na magiging matagumpay ang paggamot.

Ang mababang dosis o low-dose CT (LDCT) scan ay pagsusuring ginagamit para magpa-screen para sa cancer sa baga. Ito ay isang uri ng x-ray na tumutulong sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na tingnan ang iyong baga. Ang scan ay hindi masakit at aabutin lamang ng ilang minuto. Bago ang pag-scan, maaaring hilingin sa iyo na maghubad ng damit at magsuot ng gown.

Maaaring ipaalam sa iyo ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang higit pa tungkol sa screening para sa cancer sa baga at malaman kung ikaw ay karapat-dapat. Maaari ninyong pagpasyahan kung tama para sa iyo ang screening para sa cancer sa baga gamit ang LDCT.

**Ilang pack-year ang sinigarilyo mo?**

| | | |
|---|---|---|
| | | Bilang ng mga taon na nanigarilyo |
| X | | Karaniwang bilang ng mga pakete* na sinigarilyo kada araw |
| = | | Mga pack year |

**1 pakete = 20 sigarilyo*

Inirerekomenda ng American Cancer Society ang taunang screening para sa cancer sa baga sa pamamagitan ng LDCT scan para sa mga taong nasa edad na 50 hanggang 80 na:

- Naninigarilyo o dating naninigarilyo

AT

- May kasaysayan ng hindi bababa sa 20 pack-year ng paninigarilyo.

Ang pack-year ay katumbas ng paninigarilyo ng 1 pakete (o humigit-kumulang 20 sigarilyo) kada araw sa loob ng isang taon. Halimbawa, ang isang tao ay maaaring mayroong kasaysayan ng 20 pack-year sa pamamagitan ng paninigarilyo ng 1 pakete sa isang araw sa loob ng 20 taon, o sa pamamagitan ng paninigarilyo ng 2 pakete sa isang araw sa loob ng 10 taon.



## Ano ang dapat kong malaman tungkol sa screening para sa cancer sa baga?

- **Ang LDCT scan ay nagbibigay ng mga mas detalyadong larawan kaysa sa karaniwang x-ray sa dibdib.** Hindi inirerekomenda ang mga karaniwang x-ray para sa screening sa cancer sa baga.
- **Saklaw ang mga LDCT scan ng Medicare at ng maraming pribadong plano ng insurance para sa kalusugan.** Alamin kung babayaran ng iyong insurance ang scan.
- **Bago ang LDCT scan, kakailanganin mong alisin ang mga metal na bagay.** Kabilang doon ang anumang kasuotan o mga bagay na may metal, tulad ng mga zipper, alambre sa bra, alahas, o hikaw.
- **Maaaring mangailangan ng higit pang mga pagsusuri.** Ang mga indibidwal na piniling ma-screen ay dapat pumayag na magkaroon ng mga karagdagang pagsusuri at paggamot kung mayroong natuklasan. Kung nagmungkahi ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng higit pang mga pagsusuri, hindi ito laging nangangahulugan na mayroon kang cancer sa baga. Maraming tao na naninigarilyo o dating naninigarilyo ay may mga nodule sa baga na makikita sa LDCT scan. Maaaring kailanganin ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na muling tingnan ang mga nodule kung mayroon ka nito.
- **Ang screening ay maaaring magresulta sa labis na paggamot.** Paminsan-minsan, nauuwi ang screening sa pagtuklas at paggamot ng cancer na hindi makakapagdulot ng mga sintomas. Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa labis na paggamot kung mayroon kang mga katanungan o alalahanin.
- **Sa LDCT ay nahahantad ang mga tao sa kaunting radiation.** Mas mababa ito kaysa sa dosis na mula sa karaniwang CT scan. Sumasang-ayon ang mga dalubhasa na ang mga kapakinabangan ng screening ay higit na mas matimbang kaysa sa napakaliit na tsansa na ang mga taunang LDCT scan (sa pagdaan ng mga taon) ay makakapagdulot ng cancer.
- **Binabawasan ng screening ang panganib na mamatay sa cancer sa baga.** Kapag natuklasan ang cancer sa baga nang maaga, mas malamang na maging matagumpay ang paggamot.
- **Kung pipiliin mong ma-screen, mahalagang bumalik kada taon para sa LDCT scan.**
- **Ang pagtigil sa paninigarilyo ay maaaring makatulong sa pagpapababa ng iyong panganib na magkaroon ng cancer sa baga.** Hindi ka pinoprotektahan ng screening para sa cancer sa baga mula sa mga pinsala ng paninigarilyo. Kung ikaw ay naninigarilyo, kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa plano at tools na makakatulong sa iyong tumigil.

Para sa higit pang impormasyon at suporta, bumisita sa website ng American Cancer Society sa **cancer.org/tagalog** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.

©2026, American Cancer Society, Inc.
No. TAG088211 Rev 5/26
Ang mga modelong ginamit ay para sa mga layunin ng paglalarawan lamang.